JABEZ EDUCARE CHRISTIAN ACADEMY
Ramiroville, Balulang, Cagayan de Oro City
2nd Quarter Mahabang Pagsusulit sa EPP5

Marka:

Panuto I. Basahing mabuti at piliin lamang ang titik ng tamang sagot.

1.Ito ay isang lahi na napaunlad sa Japan. Ang inahin nito ay mahusay mangitlog ng putting malarosas at ang karne nito ay malinamnam.

a. minorca b. leghorn c. mikawa

2. Ito ay isang maliit,mabikas, aktibo,at alerto na lahi. Ito ay mahusay mangitlog ng Malaki,puti na mga itlog, ngunit ang karne ay itinuturing na mababang klase.

a. mikawa b. leghorn c. minorca

3. Ito ay isa sa pinakamabibigat sa mga lahi ng nangingitlog. Magkakalapit na balahibo sa buong katawan at may isang malaking palong at wattle.

a. leghorn b. mikawa c. Minorca

4.Ito ang dalawang maliit na buto na matatagpuan sa ibaba ng buntot at umaabot sa mga gilid ng vent.

a. vent b. span c. pubic bone

5. Ito ang agwat sa pagitan ng mga buto ng puwetan at ang dulo ng keel.

a. abdomen b. vent c. span

6.Ang bahaging ito ay ang lugar sa pagitan ng mga buto ng puwetan at ang dulo ng breast bone.

a. span b. abdomen c. vent

7.Uri ng bahay ng mga manok na ang isang buong bahay ay hinati,itinaas,at ginawan ng kural.

a. litter-floor type b. slatted-floor type c. cage system

8. Isang buong yunit ng bahay o isang bahay na nahahati sa mga kural kung saan ang sahig ay lupa o kongkreto na natatakpan ng mga ipa at kusot na sisipsip sa kahalumigmigan mula sa dumi.

a. litter-floor type b. cage system c. slatted-floor type

9.Ang ilang mga manok ay nakalagay sa isang indibidwal na kawla, particular na ang mga inilaan para ipandekorasyon.

a. litter-floor type b. slatted- floor typa c. cage system

10. Ito ang pahalang na poste kung saan umuupo at nagpapahinga ang mga manok.

a. dropping board b. perch c. pugad

LIVEWORKSHEETS

11. Ginagamit ito para sa pagkolekta ng dumi ng manok na mayaman sa nitrogen at ginagamit bilang pataba.

a. dropping board b. perch c. pugad

12. Ito ang lugar kung saan nangingitlog ang mga inahin.

a. dropping board b. perch c. pugad

13. Isang mababaw na lalagyan para sap ag-inom at gawa sa mga pinagdugtong na mga kawayan o anumang galvanized at bukas na sisidlan.

a. sabsaban b. labangan c. feeding crate

14. Isang mahabang mababaw na lalagyan kung saan kumakain ang mga manok.

a. labangan b. feeding crate c. sabsaban

15. Ginagamit ito para sa paglilipat ng mga manok.

a. sabsaban b. feeding crate c. labangan

16. Ito ang mga patukang ibinibigay mula 6 na linggo hanggang 12 linggo ang edad.

a. pullet developer mash b. chicken starter mash c. laying mash

17. Ito ang mga feed na ibinibigay sa buong panahon ng pangingitlog.

a. laying mash b. pullet developer mash c. chicken starter mash

18. Ito ang feed na ibinibigay mula 12 linggo hanggang 20 linggo ang edad.

a. chicken starter mash b. laying mash c. pullet developer mash

19. Tumutukoy sa mga ibon na inaalagaan sa bukirin tulad ng manok, pugo,kalapati,pato, at gansa.

a. poultry b. piggery c. tank culturing

20. Ito ay isang malambot na laman na nakabitin mula sa ibat'ibang bahagi ng ulo o leeg sa maraming pangkat ng mga ibon at mammal.

a. vent b. span c. wattle

Panuto II. (ESSAY) Ano-ano ang mga hakbang at mga dapat isaalang-alang sa pag-aalaga ng mga manok. (10 puntos)

LIVEWORKSHEETS